

Saan Nagmula Ang Daigdig at ang Tao?

Noong unang panahon, wala pa ang daigdig at ang tao. Mayroon lamang kalangitan. Sa isang kaharian sa kalangitan nakatira ang isang hari at reyna na may dalawang anak. Sila sina Prinsipe Adlao at si Prinsipe Bulan. Mas matanda at malakas si Adlao. KaayaAaya namansi Bulan. Maganda ang samahan nilang magkapatid.

Sa kahariang ito, makulay ang mga bulaklak at masarap ang mga pagkaing para sa lahat. Laging may tugtugan, sayawan, at awitan.

Pero isang araw ay nabalot ng lungkot ang kaharian. Pumanaw na ang hari. Bago pumanaw ay naipamana niya sa dalawang anak ang isang mahiwagang prutas ng kapayapaan at kasiyahan. Dapat nila itong alagaan at ingatan.

Nagtalo ang magkapatid kung sino sa kanila ang magtatago ng mahiwagang prutas. Matatalas na salita ang binitawan ni Bulan kay Adlaw.

“Duwag Lumaban ka para makita mo kung sino sa atin ang mas magaling ” pero tumawa lang si Adlaw.



“Ako dapat ang magAalaga sa prutas ” dagdag ni Bulan. NagAaway ang dalawang prinsipie. Nakakabingi ang ingay ng malalaking batong ibinabalibag nila. Umaapoy ang mga tilamsik ng matatalim na espada. Bumaha ang luha ng inang umiiyak.

Umabot ang ingay ng kaguluhan sa Diwata ng Kasayahan na si Sorsogona. Galit na galit siya at binawi ang mahiwagang prutas. Pinarusahan din niya ang nagAaway na mga prinsipie.

Gusto ni Sorsogona na ibalik ang kasiyahan kaya ginawa niyang mundo ang prutas. Ang mga buto nito ay umusbong at naging tao. Ang mga luha ay naging tubig na dumaloy sa ibabaw ng lupa.

Binigyan niya ng isa pang pagkakataon ang dalawang prinsipie para bantayan ang daigdig. Upang hindi magAaway, magbabantay si Adlao sa umaga at sa gabi si Bulan.

Minsan, maririnig sa kalangitan ang mga dumadagundong na kulog. Tunog ito ng mga batong gumugulong. Gayundin, makikita ang mga kidlat. Ito ang matatalim na espadang nagpipingkian. Nangyayari ito ay para ipaalala sa dalawa na hindi na dapat maulit ang pagkakamaling nagawa.

